Republic of the Philippines
**Department of Education**
DepED

Office of the Secretary

MAR 06 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 92, s. 2007

## IKA-35 PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor na Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Ika -35 Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino ay idaraos ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF) sa Abril 20-23, 2007 sa Teachers Camp (Senior Mess) Lungsod ng Baguio sa pakikipag-ugnayan sa Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, Komisyon sa Wikang Filipino at Sangay ng Lungsod ng Baguio.

2. Ang paksang-diwa ng gawaing-kapulungan ay "PASATAF: Susi sa Pambansang Mithiin para sa Matatag na Wikang Filipino".

3. Pagkatapos ng gawaing-kapulungan, ang mga sumusunod na layunin ay inaasahang matutugunan:

a. Mapahalagahan ang bahaging ginagampanan ng PASATAF sa pagpapaunlad ng wikang Filipino;
b. Maipamalas ang mga natatanging "best practice" sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya mula sa iba't ibang rehiyon;
c. Matutuhan ang mga bagong kalakaran sa pagtuturo ng Filipino;
d. Mapahalagahan at mabigyang pagkilala ang mga natatanging nagawa ng mga guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya; at
e. Maisapanahon ang mga kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa mga guro at mag-aaral na maiangat ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

4. Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang pambansang pamunuan at lupon, ang mga director ng PASATAF, mga kinatawan ng kawanihan sa tanggapang sentral ng DepED, CHED at KWF, mga panrehiyon at pandibisyong tagamasid sa Filipino, mga superbisor o punong guro o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya at kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino.

10. Kalakip nito ang programa ng mga gawain gayon din ang talaan ng mga bumubuo sa iba't ibang lupon. Mangyaring tumawag o makipag-alam sa mga sumusunod para sa karagdagang impormasyon:

**Albert A. Macob**
Pangulo, PASATAF
Sangay ng Pangasinan I
Tel. Blg. (075) 5426132
0920-5700491

**Gloria I. Alday**
Kalihim, PASATAF
DepED NCR
Tel. Blg. 921-5630/926-2233

**Lilia P. Calegan**
Ingat-Yaman, PASATAF
0273736715

11. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 20, s. 2006

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntuan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS

SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Madel:c PASATAF
2-19-07

Enclosure to DepED Memorandum No. 92, s. 2007

**Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino**
**( PASATAF )**

| ORAS | Abril 20 | Abril 21– Unang Araw | Abril 22– Ikalawang Araw | Abril 23– Ikatlong Araw |
|---|---|---|---|---|
| 6:00 – 8:00 | | Agahan at Paghahanda | Agahan at Paghahanda | Agahan at Paghahanda |
| 8:00 – 9:30 | P A G P A P A T A L A | Plenaryong Sesyon<br>Pambukas na Palatuntunan<br>At<br>Oryentasyon<br><br>R-I, CAR, ARMM | Plenaryong Sesyon<br>Best Practices sa<br>Elementarya<br>Sekundarya<br>Tersyarya | Plenaryong Sesyon<br>Presentasyon ng mga Plano<br>Group Synthesis<br>Klaster 1<br>Klaster II<br>Klaster III<br>Mga kasagutan mula sa Pamumunuan ng PASATAF |
| 9:30 – 10:00 | ↓ | ISNAKS | ISNAKS | ISNAKS |
| 10:00 – 12:00 | ↓ | Plenaryong Sesyon<br>Lecture 1 – Pagtuturong Teatrikal: Tuon sa Gamit Ng mga Katutubong Musika At Tema<br>- Lakandupil Garcia | Paralel na Sesyon<br>Klaster I – Elementarya (NCR) – Benitez Hall<br>Klaster 2 – Ssekundarya (R-6)-Quezon Hall, 2nd Floor<br>Klaster 3 – Tersyarya (R-9) – Quezon Hall, 1st Floor<br>- Mga Ginintuang aral mula sa mga Paaralan at iba pang kultura<br>( Mga kwento ng tagumpay)<br>-Mga napulot na aral mula sa Presentasyon<br>-Integrasyon / Sintesis<br>- Mga patutunguhan at Aksyon | Pangwakas na Palatuntunan<br><br>R – 2, KWF |
| 12:00 – 1:00 | ↓ | Pananghalian | Pananghalian | Pananghalian |
| 1:00 – 2:30 | ↓ | Plenaryong Sesyon<br>LECTURE 2<br>- Dr. Jovy Peregrino | Pagpapatuloy ng mga Gawain | HOME SWEET HOME |
| 2:30 – 3:00 | | ISNAKS | ISNAKS | |
| 3:00 – 4:30 | | GAWAD PAGKILALA | Paralel na Sesyon<br>Mga Bagong Kalakaran / Programa<br>Elementarya: Dr. Yolanda Quijano<br>Sekundarya: Dr. Lolita Andrada<br>Tersyarya: Dr. Pat Villafuerte | |
| 4:30 – 5:30 | | | | |
| 5:30 – 6:00 | HAPUNAN | HAPUNAN | HAPUNAN | |
| 6:00 – 8:00 | | INISASYON | **MUTYA NG PASATAF** | |
| 8:00 – 10:00 | | SOSYALISASYON | | |
| Namamahala | | | | |